


5

Filipino

Unang Markahan – Modyul 2: Paggamit nang Wasto sa mga Pangngalan at Panghalip



Filipino –Ikalimang Baitang

Alternative Delivery Mode

Unang Markahan – Modyul 2: Paggamit nang Wasto sa mga Pangngalan at Panghalip Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: Melinda Lourdes C. Amoyo

Editor: Virginia C. Dulfo, Cresente A. Beato, Rose Ann B. Menieba, Farrah R. Delfin,
Jeriel B. Caracol, Aiene M. Molina

Tagasuri: Lorie Emmanuel B. Arago, Eleonor G. Distrajo, Aurora B. Amboy

Tagaguhit: Michael Q. Balan

Tagalapat: Michael Q. Balan, Swelyn E. Forro

Tagapamahala:

Ramir B. Uytico

Arnulfo M. Balane

Rosemarie M. Guino

Teodorico C. Peliño Jr.

Joy B. Bihag

Ryan R. Tiu

Dandy G. Acuin

Bernardo A. Adina

Gaudencio C. Aljibe Jr.

Lea C. Aberia

Virginia C. Dulfo

Ma. Teresa B. Afable

Shirley B. Bacal

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Kagawaran ng Edukasyon – Rehiyon VIII

Office Address: Government Center, Candahug, Palo, Leyte

Telefax: 053-832-2997

E-mail Address: region8@depd.gov.ph

5

Filipino

**Unang Markahan Modyul 2:
Paggamit nang Wasto sa mga
Pangngalan at Panghalip**

Paunang Salita

Ang *Self-Learning Module* o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Kumusta na kaibigan? Narito akong muli ang iyong kaibigan na si Kokoy para samahan ka sa panibagong paglalakbay.

Binabati kita dahil natapos mo ang unang modyul. Tiyak na naging masaya ka sa ating kuwentuhan. Naghanda akong muli ng kapana-panabik na mga gawain para sa iyo. Handa ka na ba? Pagkatapos ng ating paglalakbay inaasahan ko na magagawa mo ang mga sumusunod:

- a. nagagamit mo nang wasto ang mga pangngalan at panghalip sa pagtalakay tungkol sa sarili, sa mga tao, hayop, lugar, bagay at pangyayari sa paligid;
- b. natutukoy mo ang uri ng pangngalan at panghalip na ginamit sa pangungusap; at
- c. nakasusulat ka ng isang maikling talata na tumatalakay tungkol sa sarili.



Subukin



Ops! Bago natin ipagpatuloy ang ating paglalakbay nais kong malaman muna ang kakayahan mo sa sumusunod na mga gawain.

Gawain A. Basahin ang sumusunod na pangungusap. Suriin ang mga salitang nakasulat ng madiin. Tukuyin kung anong uri ng pangngalan ito. Isulat sa loob ng talahanayan ang sagot ayon sa uri nito.

1. Si **Gng. Cruz** ay bumili ng **sapatos** para sa kanyang **anak**.
2. Tuwang-tuwa si **Nena** nang bigyan siya ng isang dosenang **rosas** ng kanyang **manliligaw**.
3. Isang batalyong **sundalo** ang dumating sa **bayan** para tumulong sa pamimigay ng **pagkain** sa mga **tao**.

4. Si **Jose** ay nakatira sa **Maynila** nang mag-isa kaya siya nangangamba sa kanyang siguridad.
5. Si **Mang Ambo** ay namigay ng **pera** sa mga kababayan **niya**.

Pantangi	Pambalana	Kongkreto	Di-Kongkreto	Lansakan

Gawain B. Kopyahin sa *notebook* ang sumusunod na usapan at punan ang patlang ng tamang panghalip upang mabuo ang diwa nito.

Isang araw, nagkasalubong sina kambing at aso sa gitna ng makitid na tulay.



Makitid lamang ang tulay. Hindi _____ maaaring dumaan ng sabay!

Bumalik _____ sa dulo at _____ muna ang tatawid.



Aba, hindi maaari, _____ ang nauna rito. _____ ang bumalik, hindi _____.

_____? Kahit anong mangyari, hindi _____ mapababalik.



Talaga bang mapilit _____?

Bakit? _____ ang ipinagmamalaki mo?



Kayang-kaya kitang ihulog sa ilog sa pamamagitan ng aking sungay _____.



Ayaw _____? Heto ang sa _____!

Kakagatin naman _____!



Aralin

1

Paggamit nang Wasto sa mga Pangngalan at Panghalip




Alam mo ba na noong nasa unang baitang ka palang ay pinag-aaralan mo na kung ano ang pangngalan at panghalip? Kaya't sa ikalimang baitang ay susubukin natin muli ang kaalaman ninyo hinggil dito. Gagamitin natin ito sa iba't ibang usapan tulad ng kuwentuhan.



Balikan

Tara! Ipagpatuloy natin ang kuwentuhan. Grabe ang nangyayari ngayong panahon ng pandemya. Maraming pagbabago ang nagaganap na tila bang wala nang katapusan. Nakatatakot lumabas dahil baka mahawa tayo ng mikrobyong dala ng COVID-19.

Mas malala pa ito sa mga sakunang naranasan ng Pilipinas, tulad na lamang ng nasa mga larawan. Binibisita tayo ng mahigit 20 bagyo kada taon. Ikuwento mo naman at isulat sa isang papel ang hindi malilimutang mga karanasan sa pangyayaring ito.



Kuha ni Melinda Lourdes C. Amoyo, Sabang Central E.S., Borongan City Division

Sundan mo ang sumusunod na mga gabay na tanong at ikuwento ang buong pangyayari.

1. Sino-sino ang mga nakasama mo sa sakunang ito?
2. Saan nangyari ito?
3. Anu-ano ang mga naging epekto nito sa inyo?

Isang Di- Malilimutang Karanasan sa Panahon ng Kalamidad (Pamagat)



Tuklasin



Sabi ko sa iyo kaibigan, natutuhan mo na ang araling ito. Limang taon na nating pinag-uusapan kung ano ang pangngalan at panghalip. Mas susukatin ko pa ang iyong kakayahan sa pamamagitan ng dalawang pagsubok.

- A. Basahin at unawain nang mabuti ang kuwento. Sagutan nang tama ang bawat tanong.

Kulang ngunit Di-Hadlang

Si RJ ay isang masayahin, magalang at mabait na bata. Nakababasa siya nang may pag-unawa lalo na sa Ingles. Hindi siya gaanong matalino subalit makikita mo sa kanyang mga **mata** at gawi, ang kanyang interes na matuto sa mga aralin. Ang kanyang **upuan** ay nasa unahan ng klase para marinig niya nang maayos ang talakayan. Kapag may araling hindi niya nauunawaan, lalapit siya sa kanyang guro upang magtanong. Kaya naman kinagigiliwan siya ng kanyang mga **guro**.

Si RJ ay bukod-tangi sa kanyang mga kaklase dahil ipinanganak siyang walang pandinig. Ang **kanyang cochlea** sa loob ng tainga ay hindi gumagana na siyang dahilan kung bakit hindi siya makarinig. Nang **siya** ay dalawang taong gulang pa lamang, sumailalim siya sa isang mapanganib na operasyon sa kaliwang tainga upang ilagay ang isang bagay na siyang tutulong sa kanya upang makarinig. Ang ipanasok sa kanya ay **Med-el Cochlear Implant Device** at ang tawag naman sa kanya ay *cochlear implantee*.

Kaya naman sa araw-araw na kanyang pagpasok sa paaralan, makikita mo ang *device* na **ito** sa kanyang kaliwang tainga dahil ito ang daan upang siya ay makarinig. Kahit nahihirapan siyang iproseso ang kanyang mga naririnig, makikita **mo** sa kanya ang pagnanais na matuto sa **paaralan**. Pinatutunayan niya na ang kanyang kakulangan o kapansanan ay hindi magiging hadlang sa pagkamit ng **karunungan** na siyang magiging daan sa kanyang tagumpay.

- Sinulat ni Melinda C. Amoyo, Sabang Central E.S., Borongan City Division

1. Sino ang pangunahing tauhan sa kuwento?
2. Bakit bukod-tangi siya sa kanyang mga kaklase?
3. Ano ang kanyang ginagawa para matuto sa paaralan at upang hindi maging hadlang ang kanyang kakulangan sa pandinig? Magbigay ng dalawa.

B. Balikan ang kuwentong binasa. Bigyang-pansin ang mga sinalungguhitang salita. Isulat ito sa tamang hanay sa loob ng tsart.

Panghalip	Pangngalan	
	Pantangi	Pambalana



Suriin

Nakatutuwa dahil ang husay mo sa pagsagot sa mga gawain. Gusto mo bang maglaro? Tara, maglaro tayo. Humanap ka ng makakalaro na kahit sinong miyembro ng iyong pamilya. Sabay ninyong basahin ang impormasyon sa ibaba.



Ano ang pangngalan?

Ang *pangngalan* ay salitang pantawag sa tao, bagay, hayop, lugar o pangyayari.

Halimbawa:

- | | |
|------------|-------------------------------------------|
| tao | - Ralph, Myra, bata, nanay |
| bagay | - aklat, sapatos, bisikleta, bag |
| hayop | - kalabaw, pusa, aso, ibon |
| lugar | - Quezon City, Cebu, simbahan, palengke |
| pangyayari | - Araw ng Kalayaan, Bagong Taon, kaarawan |

Ang sumusunod ay ang iba't-ibang uri ng pangngalan:

1. Pangngalang pambalana – ay salitang pantawag sa karaniwang ngalan, ng tao, bagay hayop, lugar o pangyayari. Ang pangngalang ito ay di-tiyak at nagsisimula sa maliit na titik.

Halimbawa:

tao	-bata, lalaki, babae, magulang, kapatid
bagay	-bag, upuan, kurtina, lapis, papel
hayop	-kalabawa, baka, aso, ibon
lugar	-baryo, hospital, palengke, lunsod,
pangyayari	-binyag, rebolusyon, pagtatapos,

2. Pangngalang pantangi – ay salitang pantawag sa tiyak na ngalan ng tao, bagay, hayop, lugar o pangyayari. Ito ay nagsisimula sa malaking titik.

Halimbawa:

tao	- Jose Rizal, Gng. Maria Cruz, Myrna, Justine
bagay	- Nike Shoes, Michaela Bag, Paperdoll Dress
hayop	- Bertong Kalabaw, Brownie (aso), Katya (pusa)
lugar	- Simbahan ng Barasoain. Manila, Hongkong
pangyayari	- Pasko ng Pagkabuhay, Edsa People Power

3. Pangngalang kongkreto o tahas – Ito ay ngalan ng mga bagay na nakikita o nahihipo.

Halimbawa: aklat, mesa, sabon, manga, tubig, upuan

4. Pangngalang di-kongkreto o basal – Ito ay salitang pantawag na may kinalaman sa ating emosyon o damdamin.

Halimbawa: lungkot, hapdi, talino, ligaya, lagim

5. Pangngalang lansakan – Ito ay pangngalang tumutukoy sa maramihan o pangkatan.

Halimbawa: langkay, dosena, kumpol, batalyon, buwig.

Tandaan na sa lahat ng uri ng pangngalan, ang pangngalang pantangi lamang ang palaging nagsisimula sa malaking titik.

Ang pangngalang pambalana, kongkreto o tahas, di-kongkreto o basal at lansakan ay isinusulat sa maliliit na titik maliban na lang kung ito ay ginamit bilang simula ng pangungusap.

Halimbawa: 1. a. Manila ang paborito kong lugar.

↓
pantangi

b. Ang aking paboritong lugar ay Manila.

↓
pantangi

2. a. Bumili ako sa palengke ng isang dosenang saging.

↓
lansakan

b. Isang dosenang saging ang binili ko Sa palengke

↓
lansakan

Ano naman ang panghalip?

Ang *panghalip* ay salitang ginagamit bilang panghalili o pamalit sa pangngalan.

Halimbawa: a. Si Gng. Flor Ramirez ang aking nanay.

↓
pangngalan

Siya ang aking nanay.

↓
panghalip

May tatlong uri ng panghalip.

1. Panghalip na panao – ginagamit na panghalili o pamalit sa ngalan ng tao. Halimbawa: Si Kim ay matalino.

↓
pangngalan

Siya ay matalino.

↓
Panghalip

Ang panghalip panao ay may panauhan:

unang panauhan – nagsasalita : ako, akin, ko

ikalawang panauhan-kinakausap : ikaw, iyo, mo, inyo, kaniya

ikatlong panauhan-pinag-uusapan : sila, kanila, nila

Ang panghalip panao ay may kailanan:

Isahan : ako, akin, ko, ikaw, iyo, mo

Dalawahan : kata, kita, tayo, inyo, ninyo

Maramihan : tayo, kami, amin, naming, atin, natin

2. Panghalip na pananong – ito ay salitang ginagamit sa pagtatanong at nagtatapos sa tandang pananong (?).

Halimbawa:

a. Sino ang nanay mo?

b. Bakit ka narito?

c. Paano ka nakarating dito?

Pag-aralan nang mabuti ang tsart na ito:

Mga panghalip pananong	Mga sagot sa tanong tungkol sa:
sino	tao
kanino	tao
ano	hayop, bagay, katangian, pangyayari
kailan	panahon
saan	lugar o pook
bakit	dahilan ng pangyayari
paano	paraan ng paggawa
ilan	bilang o dami ng nais malaman
alin	pagpipilian
gaano	sukat o bigat
magkano	halaga

3. Panghalip na panaklaw – ay ginagamit para tukuyin ang bilang ng pangngalan (ngalan ng tao, hayop, lugar, bagay o pangyayari)

Halimbawa ng panghalip panaklaw:

- pang-isahan : bawat, anoman, gaanoman, alinman,
sinoman, saanman, kaninoman, ilanman
- pangmaramihan : lahat, pawang, kapuwa, marami, ilan

Halimbawa ng pangungusap gamit ang panghalip panaklaw:

1. Bawat isa ay mahalaga, iyan ang lagi mong tatandaan.
2. Lahat ng problema ay may solusyon, gaanoman ito kabigat.



Pagyamanin

Ops! May isa pa akong gawain na inihanda para sa 'yo! Kayang kaya mo ito!



Gawain A. Gamit ang mga kaalamang natutuhan, basahin at suriin ang mga pangungusap. Isulat sa sagutang papel kung ang pangngalang may salungguhit ay pambalana, pantangi, tahas, basal o lansakan.

1. Umaapaw sa kaligayahan ang aking puso sa iyong ibinalita.
2. Si Ginoong Reyes ay mabait at mapagbigay sa mga nangangailangan.
3. Binigyan ako ng aking anak ng isang dosenang rosas.
4. Ang aking mga kaibigan ay masayang naglalaro sa bakuran.
5. Bumili ako ng isang kahong tubig.
6. Ako ay magiging mabuting alagad ng Panginoon.
7. Iyan ang aking mga pangarap para sa ikauunlad ng mundo.
8. Hanggang kailan ka tatalima sa utos ng iyong mga magulang?
9. Sinoman sa atin ay may maiaambag sa pagpapanatili ng katahimikan at kapayapaan ng sanlibutan.
10. Huwag nating tularan ang mga taong masasama.

Gawain B. Basahin ang dayalog sa ibaba at piliin ang angkop na panghalip sa loob ng panaklong.

Fe: Ang (balana, bawat isa, iba) sa inyo ay makapagbibigay ng inyong mungkahi.

Tess: Puwede bang isulat sa pisara ang mungkahi para mabasa nating (balana, karamihan, lahat)?

Fe: (Sinomang, Alinmang, Saanmang) dako ng mundo, pagmamahal ang kailangan ng (bawat, lahat, ibang) tao.

Tess: Oo nga, ano? Maisasakatuparan kaya ang (alinmang, anomang, saanmang) binabalak nating gawin?

Fe: Halos ganyan din ang nasa isip ko. Heto, pakinggan ninyo. "Pagmamahalan ng (isa't isa, bawat, isa) ay mahalaga sa (balana, isa, ilan)".

Tess: Kayang-kaya kapag tulong-tulong tayong (lahat, bawat, karamihan).



Isaisip

Kaibigan, kaunti nalang at matatapos na ang ikalawang paglalakbay. Balikan ang naisulat mo tungkol sa hindi mo malilimutang karasanan sa isang bagyo. Pumikit ka at isipin ang pangyayaring iyon. Isipin at balikan ang mga taong nakatulong upang makaligtas ka sa pagsubok na na iyon. Balikan ang detalyadong pangyayaring ito.



Paano ka naging matagumpay sa pagsubok na ito?

Anong aral ang natutuhan mo sa pangyayaring ito?



Isagawa

Dadagdagan pa natin an iyong kaalaman kaibigan! Basahin at sundin mo lang ang mga pahayag sa ibaba. Galingan mo!



Ang pagkakaroon ng bahaghari ay pagpapatunay ng pangako ng Diyos sa tao na kailanman ay hindi na niya lilipulin ang tao sa daigdig sa pamamagitan ng baha. Kung ating titingan, anumang trahedyang bunga ng baha ay masaabing batik ng kalikasan sa pang-aabuso ng mga tao sa kapaligiran.

Ikaw naman ngayon ang gumawa ng pakikipagtipan sa Diyos para sa pangangalaga sa ating kalikasan. Sumulat ng isang talata kung paano mo mapangangalagaan ang kalikasan. Alalahanin ang mga natutuhan sa wastong gamit ng pangngalan at panghalip.



Tayahin



Kumusta? Umaasa ako na naging aktibo ka sa aralin natin sa modyul na ito.

Para masukat natin ang iyong kaalaman sa modyul na ito ay sagutan mo lamang ang gawain sa ibaba. Kayang-kaya mo iyan kaibigan!

Ikaw ay kabilang sa Samahan ng mga Manunulat o *Campus Journalist* sa inyong paaralan. Magkakaroon ng Campaign Drive ang inyong paaralan. Ikaw ay naatasang sumulat ng Jingle na mapanghikayat tungkol sa pangangalaga sa kalikasan. Isaalang-alang ang wastong gamit ng pangngalan at panghalip sa pagtalakay ng mga pangyayari sa kapaligiran. Isulat ang Jingle sa *short bond paper*.

Mga Pamantayan sa Pagsulat ng Jingle	1	2	3	4	5
Mapanghikayat na jingle. Malinis at maayos na pamamaraan.					
Mahusay, malinaw at angkop na mensahe batay sa paksang ibinigay.					
Angkop ang mga pangngalan at panghalip sa pagbuo ng jingle					
Kabuoang puntos					
5 - Napakahusay 4 - Mahusay 3 - Katamtaman 2 - Di-mahusay 1 - Sadyang Di-mahusay					



Susi sa Pagwawasto

A. Subukin

pantangi	pambalana	kongkreto	di-kongkreto	lansakan
1. Gng. Cruz	anak, sapatos	sapatos		
2. Nena	manligaw			Isang dosenang rosas
3.	layan, tao, pagkain	pagkain		Isang batayong sundalo
4. Jose, Manila, Covid 19 Virus			sigundad	
5. Mang Ambo	Kababayan, pera	pera		

B.

KAMBIING: Makitid lamang ang tulay. Hindi *tayo* maaring dumaan nang sabay!
 ASO : Bumalik ka sa dulo at *ako* muna ang tatawid.
 KAMBIING : Aba, hindi maari . *Ako* ang nauna rito . *Ikaw* ang bumalik, hindi *ako*.
 ASO : *Ano?* Kahit anong mangyari, hindi *mo ako* mapabalik.
 KAMBIING : Talaga bang mapilit ka ?
 ASO : Bakit? *Ano* ang ipinagamamalakí mo?
 KAMBIING : Kayang - kayang kitang ihulog sa ilog sa pamamagitan ng sungay ko.
 ASO : Kakagatin naman *kita*.
 KAMBIING : Ayaw mo ? Heto ang sa *iyoi*

Isagawa
 Ang lahat ng sagot ay depende sa isinulat na pangunusap ng bata gamit ang pangngalan at panghalip.

Balikan
 Ang sagot sa gawain ay depende sa karanasang ibabahagi ng mag - aaral.

Isagawa
 Ang lahat ng sagot ay depende sa isinulat na pangunusap ng bata gamit ang pangngalan at panghalip.

Tuklasin A
 1. Si RJ
 2. Bukod-tangi siya sa kanyang mga kakase dahil ipinangamak siyang walang pandinig.
 3. a. Nakapupo siya sa harap ng klase para makarinig nang maayos.
 b. Kapag may hindi siya nainindihan, lalapit siya sa kanyang guro upang magtanong.

Tuklasin B

Panghalip	Pangngalan
kanyang	RJ
siya	Me-del Cochlear upuan
mo	guro
ito	karunungan

Pagyamanin

A.
 1. basal
 2. pantangi
 3. lansakan
 4. tahas
 5. kongkreto o tahas

B.
 6. Pantangi
 7. tahas
 8. Pambalana
 9. tahas
 10. Pambalana

Isaisip
 B.
 1. Siya
 2. niya
 3. nito
 4. niya
 5. iyon
 6. nito
 7. rito
 8. ito
 9. rito
 10. sila

B.
 Fe: iba
 Tess: lahat
 Fe: Saamang
 Tess: anomang
 Fe: isat isa, balana
 Tess: lahat

Isagawa
 Ang lahat ng sagot ay depende sa isinulat na pangunusap ng bata gamit ang pangngalan at panghalip.

Balikan
 Ang sagot sa gawain ay depende sa karanasang ibabahagi ng mag - aaral.

Isagawa
 Ang lahat ng sagot ay depende sa isinulat na pangunusap ng bata gamit ang pangngalan at panghalip.

Tuklasin A
 1. Si RJ
 2. Bukod-tangi siya sa kanyang mga kakase dahil ipinangamak siyang walang pandinig.
 3. a. Nakapupo siya sa harap ng klase para makarinig nang maayos.
 b. Kapag may hindi siya nainindihan, lalapit siya sa kanyang guro upang magtanong.

Tuklasin B

Panghalip	Pangngalan
kanyang	RJ
siya	Me-del Cochlear upuan
mo	guro
ito	karunungan

Isagawa
 Ang lahat ng sagot ay depende sa isinulat na pangunusap ng bata gamit ang pangngalan at panghalip.

Balikan
 Ang sagot sa gawain ay depende sa karanasang ibabahagi ng mag - aaral.

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph